

ARALIN 18

1. Sinabi ng Diyos kay Noe na magpapadala Siya ng baha upang lipunin ang lahat ng mga taong hindi naniniwala sa Kaniya. Nakalimutan ba ng Diyos na gawin ang sinasabi Niyang gagawin Niya?

-Hindi.

2. Lagi bang ginagawa ng Diyos ang sinasabi Niyang gagawin Niya?

-Oo.

3. Gaano katagal hinintay ng Diyos ang mga tao noong panahon ni Noe na maniwala sa Kanya?

-120 taon.

4. Habang hinihintay ng Diyos na maniwala ang mga tao sa Kanya, nabawasan ba ang Kanyang galit sa kanilang kasalanan?

-Hindi.

-Ang galit ng Diyos sa kasalanan ay tumitindi lamang hanggang sa dumating ang panahon na parurusahan ng Diyos ang kasalanan.

5. Pagkatapos na gawin ni Noe ang arka, ano ang sinabi ng Diyos kay Noe na gawin?

-Sinabi ng Diyos kay Noe na isama ang kanyang pamilya at pumasok sa arka.

-Sinabi din ng Diyos kay Noe na magsama ng mga hayop sa arka.

6. Paano nakapasok si Noe at ang kanyang pamilya sa arka?

-Sa nag-iisang pinto.

7. Paano nakapasok ang lahat ng hayop sa arka?

-Sa nag-iisang pinto.

8. Pagkatapos na pumasok sa arka si Noe at ang kanyang pamilya at lahat ng hayop, ano ang ginawa ng Diyos?

-Isinara ng Diyos ang pinto.

9. Bakit isinara ng Diyos ang pinto?

-Upang maging ligtas ang mga nasa loob.

-Upang ang mga nasa labas ay hindi makapasok, kundi mamatay.

10. May makatatakas ba sa parusa ng Diyos?

-Wala.

11. Paano ginawa ng Diyos na balutin ng baha ang buong mundo?

-Upang balutin ng baha ang buong lupa, pinaulan ng Diyos ang lahat ng tubig na inilagay Niya sa itaas ng kalangitan.

12. Nakakita na ba ang mga tao ng ulan noon?

-Hindi.

13. Ano ang nangyari sa lahat ng mga hayop sa labas ng arka?

-Namatay silang lahat.

14. Ano ang nangyari sa lahat ng tao sa labas ng arka?

-Namatay silang lahat.

15. May namatay ba sa loob ng arka?

-Wala.

16. Anong palatandaan ang ibinigay ng Diyos kay Noe at sa lahat ng tao?

-Isang bahaghari.

17. Ano ang ibig sabihin ng palatandaan ng bahaghari?

-Ang bahaghari ay nangangahulugan na hindi na muling lilipunin ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng baha.

18. Tutuparin ba ng Diyos ang Kanyang pangako na hindi na muling lilipunin ang mundo sa pamamagitan ng baha?

-Oo.

19. Sino ang mga anak ni Noe na mga ninuno ng lahat ng tao sa lupa?

-Shem, Ham, at Japhet.

-Matapos na iligtas ng Diyos si Noe at ang kanyang pamilya mula sa baha, lumipas ang maraming taon.

-Lumipas ang maraming taon, at maraming bata ang isinilang, hanggang sa dumaming muli ang mga taong nabubuhay sa mundo.

-Sino ang mga taong ipinanganak pagkatapos ni Noe?

-Sila ang inyong mga ninuno at ang aking mga ninuno.

-Alam ba ng ating mga ninuno ang tungkol sa Diyos?

-Oo.

-Paano nalaman ng ating mga ninuno ang tungkol sa Diyos?

-Una, ang mga nakakatandang tao ang nagkwento sa mga nakababata tungkol sa Diyos at sa baha.

-Ano ang sinabi ng nakatatanda sa mga nakababata tungkol sa Diyos at sa baha?

-Na ang Diyos ay napopoot sa kasalanan, at, samakatuwid, ay nilipol ang lahat ng tao maliban kay Noe at sa kanyang pamilya.

-Paano pa nalaman ng ating mga ninuno ang tungkol sa Diyos?

-Pangalawa, pinapakahulugan ng bahaghari sa ating mga ninuno ang tungkol sa Diyos.

-Ano ang ipinaparating ng bahaghari sa ating mga ninuno tungkol sa Diyos?

-Na mahal ng Diyos ang mga tao, at hindi na Niya muling lilipunin ang mundo sa pamamagitan ng baha.

-Paano pa nalaman ng ating mga ninuno ang tungkol sa Diyos?

-Pangatlo, alam ng ating mga ninuno ang tungkol sa Diyos dahil ang kalangitan, ang mga bundok, ang mga ilog, at ang mga puno ay nagpapakahulugan sa kanila ng tungkol sa Diyos.

-Ano ang ipinaparating ng langit, bundok, ilog, at mga puno tungkol sa Diyos sa ating mga ninuno?

-Na ang Diyos lamang ang Diyos, at ang mga tao ay dapat na sumusunod lamang sa Diyos.

-Ipinaparating pa rin ba sa atin ng bahaghari ang tungkol sa Diyos ngayon?

-Oo.

-Ipinaparating pa rin ba sa atin ng langit, bundok, ilog, at mga puno tungkol sa Diyos ngayon?

-Oo.

-Naniniwala ba ang karamihan sa ating mga ninuno sa Diyos?

-Hindi.

-Iilan lamang sa ating mga ninuno ang naniwala sa Diyos.

-Sa halip na sundin ang Diyos, sino ang sinundan ng karamihan sa ating mga ninuno?

-Karamihan sa ating mga ninuno ay sumunod kay Satanang at sa kanyang mga kasinungalingan.

-Karamihan sa ating mga ninuno ay nasa ilalim ng kontrol ni Satanang.

-Ano ang sinabi ni Satanang na gawin ng ating mga ninuno?

-Sambahin ang araw, buwan, at mga bituin.

-Sambahin ang mga espiritu.

-Sumamba sa inukit na kahoy at bato na mukhang tao at hayop.

-Nag-ukit din ang ating mga ninuno ng kahoy at bato upang magmukhang tao at hayop, at nagsakripisyo sa kanila.

-Inakay ni Satanang ang ating mga ninuno na huwag maniwala sa Diyos.

-Inakay ni Satanang ang ating mga ninuno na maghimagsik laban sa Diyos.

-Inakay ni Satanang ang ating mga ninuno na magsakripisyo sa araw, buwan, at mga bituin.

-Inakay ni Satanang ang ating mga ninuno na magsakripisyo sa espiritu ng mga puno, sa espiritu ng mga ilog, at sa espiritu ng mga patay.

-Ayaw ni Satanang na may sumamba sa Diyos.

-Ayaw ng ating mga ninuno na pamunuan sila ng Diyos.

-Gusto lamang ng ating mga ninuno na sundin si Satanang at ang ibang mga tao.

-Pagkatapos ng baha, isa sa ating mga ninuno na sinundan ng mga tao ay si Nimrod.

-Inutusan ni Nimrod ang mga tao na magtayo ng maraming lungsod.

-Isa sa mga lungsod na itinayo ng mga tao ay tinawag na Babel.

-Sa lungsod ng Babel ay inutusan ni Nimrod ang mga tao na magtayo ng isang mataas na tore na aabot sa Diyos.

Basahin natin ang Genesis 11:1-4

1-Noon, ang buong lupa ay iisa ang wika at magkakatulad ang salita.

2-Sa kanilang paglalakbay sa silangan, nakatagpo sila ng isang kapatagan sa lupain ng Shinar, at sila'y tumira doon.

3-At sinabi nila sa isa't isa, "Halikayo! Tayo'y gumawa ng mga tisa at ating lutuing mabuti." At ang kanilang bato ay tisa at alkitran ang kanilang semento.

4-Sinabi nila, "Halikayo! Magtayo tayo ng isang lunsod at isang tore na ang taluktok nito ay hanggang sa langit, at gumawa tayo ng pangalan para sa ating mga sarili, baka tayo magkawatak-watak sa ibabaw ng buong lupa."

-Sinabi ng Diyos kina Adan at Noe na punuin ang mundo, at manirahan sa iba't ibang bahagi ng mundo.

-Sinabi rin ng Diyos sa mga tao pagkatapos ni Noe na punuin ang mundo, at manirahan sa iba't ibang bahagi ng mundo.

-Bakit ayaw ng Diyos na ang mga tao ay mamuhay nang sama-sama sa isang lugar?

-Ayaw ng Diyos na ang mga tao ay mamuhay nang sama-sama sa isang lugar para lamang makalimutan nila ang Diyos.

-Ayaw ng Diyos na ang mga tao ay mamuhay nang sama-sama sa isang lugar para lamang ang kanilang mga kasalanan ay dumami.

-Nais ng Diyos na punuin ng mga tao ang mundo, ngunit nais ng mga tao na lahat ay mamuhay nang sama-sama sa isang lugar.

-Ayaw ng mga tao na manirahan sa iba't ibang bahagi ng mundo.

-Nais ng mga tao na lahat ay mamuhay nang sama-sama.

-Samakatuwid, ang mga tao ay lumipat sa lungsod ng Babel, at nagsimulang magtayo ng isang mataas na tore.

-Bakit nagsimulang magtayo ang mga tao ng isang mataas na tore sa Babel?

-Dahil ang mga tao ay labis na mapagmalaki.

-Dahil ang mga tao ay nais na gumawa ng pangalan para sa kanilang sarili.

-Nang simulan ng mga tao ang pagtatayo ng mataas na tore, nakita ba ito ng Diyos?

-Oo.

Basahin natin ang Genesis 11:5

5-Bumaba ang Panginoon upang tingnan ang lunsod at ang tore na itinayo ng mga anak ng mga tao.

-Nakita ng Diyos na ang mga tao ay nagtatayo ng isang mataas na tore.

-Nakikita ng Diyos ang lahat.

-Nakikita ng Diyos ang lahat ng tao sa lahat ng dako.

-Nakikita ng Diyos ang bawat isa sa inyo sa lahat ng oras.

-Alam ba ng Diyos ang lahat ng iniisip ng lahat ng tao?

-Oo.

-Bago pa magsimulang mag-isip ang isang tao, alam na ng Diyos ang lahat ng kanyang iniisip.

-Alam ba ng Diyos ang lahat ng salita ng lahat ng tao?

-Oo.

-Bago pa man magsimulang magsalita ang isang tao, alam na ng Diyos ang lahat ng kanyang mga sasabihin.

-Alam ba ng Diyos ang lahat ng mga ginagawa ng lahat ng tao?

-Oo.

-Bago pa magsimulang gumawa ng isang bagay ang isang tao, alam na ng Diyos ang lahat ng kaniyang gagawin.

-Akala ng mga tao na kinalimutan na sila ng Diyos.

-Nakalilimutan ba ng Diyos ang mga tao?

-Hindi makalilimutan ng Diyos ang iniisip ng mga tao.

-Hindi makalilimutan ng Diyos ang sinasabi ng mga tao.

-Hindi makalilimutan ng Diyos ang ginagawa ng mga tao.

-Ano ang sinabi ng Diyos nang makita Niya na ang mga tao ay sumusuway sa Kanya?

Basahin natin ang Genesis 11:6-7

6-At sinabi ng Panginoon, “Tingnan ninyo, sila’y iisang bayan at may isang wika; At ito ay pasimula pa lamang ng kanilang gagawin, at ngayon, walang makakapigil sa anumang kanilang binabalak gawin.

7-Halikayo! Tayo’y bumaba at ating guluhin ang kanilang wika, upang hindi nila maunawaan ang pananalita ng bawat isa.”

-Dahil ang ating mga ninuno ay sinuway ang Diyos, nagpasya ang Diyos na parusahan sila.

-Ano ang parusa na ipinataw ng Diyos?

-Binigyan ng Diyos ang mga tao ng iba’t ibang wika upang hindi sila magkaintindihan.

-Kung bibigyan ng Diyos ng iba’t ibang wika ang mga tao, magkakaintindihan kaya ang mga tao?

-Hindi.

-Kung bibigyan ng Diyos ng iba’t ibang wika ang mga tao, magagawa ba nilang tapusin ang pagtatayo ng mataas na tore?

-Hindi.

-Kung bibigyan ng Diyos ng iba’t ibang wika ang mga tao, magagawa ba ng mga tao na mamuhay nang sama-sama sa isang lugar?

-Hindi.

-Noong unang panahon, ang ating mga ninuno ay nagsasalita lamang ng isang wika.

-Ngunit dahil ang ating mga ninuno ay sumuway sa Diyos at tumangging punuin ang mundo, binigyan sila ng Diyos ng iba’t ibang wika.

-Sa Babel, binigyan ng Diyos ang lahat ng tao ng iba’t ibang wika.

-Nagsimula ang wikang Ingles sa Babel.

-Nagsimula rin ang wikang Pranses sa Babel.

-Nagsimula rin ang wikang Espanyol sa Babel.

-Lahat ng wika ay nagsimula sa Babel.

-Matapos bigyan ng Diyos ang lahat ng tao ng iba't ibang wika, ano pa ang Kanyang ginawa?

Basahin natin ang Genesis 11:8-9

8- Kaya't ikinalat sila ng Panginoon mula roon sa ibabaw ng buong lupa, at huminto sila sa pagtatayo ng lunsod.

9-Kaya't ang ipinangalan dito ay Babel, sapagkat doon ay ginulo ng Panginoon ang wika ng buong lupa, at mula roon ay ikinalat sila ng Panginoon sa ibabaw ng buong lupa.

-Matapos bigyan ng Diyos ang lahat ng tao ng iba't ibang wika, ikinalat ng Diyos ang lahat ng tao sa iba't ibang lugar sa mundo.

-Nais ng Diyos na punuin ng mga tao ang mundo, ngunit nais ng mga tao na manirahan sa isang lugar.

-Nagwagi ba ang mga tao o nanalo ang Diyos?

-Nanalo ang Diyos.

-May makalalaban ba sa Diyos at mananalo?

-Wala.

-Ano ang gagawin ng Diyos sa mga lumalaban sa Kanya?

-Parurusahan niya sila.

-Ipinangalat ng Diyos ang mga tao sa iba't ibang lugar sa mundo.

-May mga taong lumipat sa malapit lang.

-May mga taong lumipat sa malayo.

-Paano nakarating dito ang iyong mga ninuno?

-Pagkalipas ng maraming, maraming taon, dumating dito ang iyong mga ninuno sa pamamagitan ng paglalakad at pamamangka.

-Ganito nagsimula ang iyong mga tao.

-Ganito nagsimula ang lahat ng iba't ibang tao.

-Ang inyong mga ninuno ay nasa Babel.

-Ang aking mga ninuno ay nasa Babel.

-Ang mga ninuno ng lahat ng tao ay nasa Babel.